

"Pension plan" para sa kasiguruhan ng kinabukasan.

**Sumali sa pension plan para sa kinabukasan.
Kung kayo ay hindi Hapon, maaring makuha ang kabayaran
kahit na bumalik sa sariling bansa.**



Ang pagtanda ay hindi maiiwasan. Ang iyong dating kinikita noong kabataan ay mababawasan o mahihinto sa pagretiro. Suriin natin ang "pension plan" na magbibigay ng kasiguruhan sa ating kinabukasan.

Ulat ni Ms. Miho Maeda, administrative scrivener

● Mga benepisyo ng Pensyon plan ay makakatulong sa iyong pagretiro.

Ang mga benepisyo ng pensyon ay binibigay sa pagretiro o sa maagang pagretiro dahil sa sakit o kapansanan. Ang ilan ay kinakaltasan para sa kanilang pensyon sa buwanang sahod. Mahirap ipaliwanag at isulat sa isang pahina ng papel ang pension scheme ng bansang Hapon. Susubukin naming mailahad ang ilang katangian ng public pension plan. Bukod sa pensyong nasyonal, mayroon ding welfare pension plan para sa mga nagtrabaho sa mga pribadong kompanya. Sa welfare pension plan, ang buwanang bayad sa insurans ay base sa indibidwal na kita at ang kalahati ay mula sa tulong ng kumpanya. Kung ikaw ay may sariling negosyo, kailangan mong sumapi sa national pension plan at ikaw ang sasagot sa buwanang bayad sa insurans. Kalimitan, ang benepisyo ng nasyonal pensyon ay nagsisimula sa edad na 65 taong gulang subalit ang benepisyo at paraan ng pagtanggap nito ay depende kung ikaw ay kasapi sa welfare pension plan o hindi. Halimbawa, ang benepisyo sa welfare pension plan ay nagbabago depende sa kita ng kawani noong siya ay bata pa. Sa kaso ng biglang pagkamatay ng kawani, ang katanungan kung tatanggapin ng naiwang pamilya ang pensyon o hindi ay base sa katayuan ng pamilya, edad ng mga miyembro ng pamilya at ang pension plan. Sa karagdagang detalye, magtanong sa inyong lokal na tanggapan ng Social Insurance Agency (SIA). Kamakailan, ang di maayos na pamamalakad ng mga pensyon ng SIA ay napansin at tinuligsa. Simula noon, ang mga dokumentong patunay sa pensyon ay personal ng pinapadala sa mga kasapi. Para sa mga tanong ukol sa pensyon, pununta sa tanggapan ng SIA dala ang dokumentong patunay. Sa Japan, ang banyagang residente ay maaaring mag apply ng "Lump-sum Withdrawal Payments". Sinumang banyagang residente na kasapi sa Japanese public pension plan ng 6 na buwan o higit pa ay maaaring mag apply. Gayundin, ang kasaping uwi na sa sariling bansa ay makakakuha ng refund sa kanyang hinulog. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng SIA, para sa mga kailangang dokumento at sa aplikasyon sa Lump-sum Withdrawal Payments pagkatapos ayusin ang plano sa pag-uwi. Ang isyu ng pensyon ay depende sa indibidwal na planong kinuha.

www.ficec.jp/foreign/

● Ang FICEC ay lumipat sa bagong lokasyon. Makikita ang adres sa huling pahina.

Pagunawa sa kultura ng Hapon at mga banyagang kultura sa "International Exchange Forum 2011" sa Nov.13, mula 12:00n.t. sa Fujimino Exchange center

Isa sa mga inaabangan na taunang ebento ay ang pagpapahayag ng kulturang hapon at iba't ibang kultura ng mga banyagang residente ay ang "International Exchange Forum" sa Fujimi City. Halina't makisaya! Ang FICEC ay kasali at may mga iba't bang programa. Makipagkilala at makipagkaibigan sa iba't ibang nasyonalidad.



- Saang : Fujimino Exchange Center (10 minutong lakad mula Fujimino Station East Exit)
- Kailan : Nov. 13th, Linggo, 12:00 - 16:00
- Programa :Katutubong kasuotan at Japanese costumes, Tai Chi, Thailand traditional massage, Pagaayos ng bulaklak, pag-carve ng letra, Japanese drum, Multicultural card game, Police officer's uniform, African drum, Kuru-kuro ng mga banyagang residente at iba pa.

●Ikatlong ebento "Pagtatapas sa Nishinohara central park at pagtanim azaleas"

Nag-i imbita: Mga sasali sa "Let's enjoy international exchange"
Mula 10:00 ng umaga sa November 23.

Ang parke ay pasyalan at libangan ng mga mamamayan. Ang ikatlong ebento ng programa ay 'Pagtatapas at pagtanim ng azaleas sa Nishinohara. Mga gamit sa pagtatapas at pagtanim ay ihahanda ng FICEC. Magkita-kita tayo sa Nishinohara central park ng 10 o'clock ng umaga at makisaya.



Tagumpay ang unang ebento, "Paglilinis ng plaza sa Kamifukuoka".

Matagumpay ang ginawang paglilinis sa plaza sa Kamifukuoka noong Setyembre 30 ng mga residente kasama ang mga banyagang residente. Matapos ang aktibidad, masaya ang salu-salo ng snacks na pagkaing Sri Lanka.

Aktibidades ng Samahan ng after school

Sa Fujimi City, mayroon samahan ng Mga Mga aktibidades sa gakudo o samahan ng after school ay ang pagtulong sa mga bata sa paggawa ng asignatura, pagkain ng snacks o paglalaro kasama ang taga-turo. Ang pag-aply sa samahan ay malapit ng buksan at sa Fujimi city mayroon 3 lokasyon kasama ang Mizutani community center mula Nobyembre 24. Makipag-ugnayan sa nursery section ng Fujimi ciity para sa detalye. Ang ibang siyudad ay magbubukas din kasabay ng Fujimi city. Magsubmite agad ng aplikasyon ang mga interesado.

Libreng konsultasyon na may tagasalin sa city halls.

- Maaring magkunsulta sa sariling wika at may mamagitang tagasalin sa pamamagitan ng cell phone sa city halls.
- Ang serbisyong ito ay maaari sa Higashimatsuyama, Warabi, Namaegawa at 10 wards sa Saitama city. Gamitin natin ang serbisyo.
- Lengguahe: Intsik, Ingles, Portuguese Tagalog, Kastila
- Libre at walang bayad.

www.ficec.jp/living/

●Basahin din ang "Info booklet para sa mapayapang pamumuhay sa Japan sa 6 na lengguahe"